



2030 : ANG HULING DEKADA

THE SOIL TILLER

Opisyal na Pahayagang Pang Mag-aaral ng
Pambansang Dalubhasaang Pansakahan ng Bulacan
(BULACAN AGRICULTURAL STATE COLLEGE)
Pinaod, San Ildefonso, Bulacan

2030 : Ang Huling Dekada



Karapatang Ari © 2021

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Walang anumang bahagi ng aklat na ito ang maaaring ilimbag sa kahit na anong paraan nang walang pahintulot mula sa tagapaglathala o sa mga manunulat maliban na lamang kung ang nasabing pagsipi ay para sa panunuring pampanitikan.

Liaang Tomo 13

Mula sa Punong Patnugot

Tumigil mula sa mabilis mong pag-usad. Ang daang matulin mong nilalakad ay malapit nang dumating sa hantungan.

Tao, ika'y naging mapang-abuso, naging mapagmalaki't kinalimutang pangalagaan ang sa iyo ay inihabilin. Kasabay ng pagpapaunlad para lamang sa sarili at pagpapaunlad ng teknolohiya ay siya namang paghihingalo ng iyong ina. Patuloy ang panaghoy at paghingi ng tulong nito, ngunit ika'y pumipikit at nagtatakip ng tainga. Patuloy ka sa paglakad at 'di makuhang lumingon sa humahangos mong ina.

Huminto ka! Magmasid, makinig at magnilay. Dinggin ang kanyang mga panawagan sapagkat darating ang panahong mauubos ang daang iyong nilalakaran. Lulunurin ka ng kanyang pighati't pagkamuhi.



BIANCA GAIL D.C. GONZALES
Editor-in-Chief



Mula sa Patnugot Pampanitikan


Dito sa balat ng ating mundo, paano kung ang 71% na bahaging katubigan ay lalamunin pa ang natitirang 29% na bahaging kalupaang tinatapanan ng ating mga paa? Ang sabi nga ng iba ay tumakbo ka na hangga't may lupa. Ngunit paano kapag wala ka nang lupang matatakbuhan habang hinahabol ka ng alimbukay ng tubig?

Sa bawat sandali ay hindi natin namamalayang pumapanhik at gumagapang ang katubigang bahagi ng ating mundo. Mula taong 2009 hanggang 2017, aabot na sa 252 bilyong tonelada ng yelo ang natunaw sa Antarctica —ito ay ayon sa Proceedings of the National Academy of Sciences (PNAS) ng U.S. Nagdudulot ito ng pagtaas ng lebel ng tubig sa karagatan na dapat nating ikabagabag. Kung magpapatuloy ito, hindi natin alam na baka sa susunod pang mga taon ay tuluyan nang lumubog ang kalupaan.

Ang lahat ng ito ay bunsod ng 'man-made global warming'. Ito ang bunga ng ating mga gawaing nakapipinsala sa kalikasan. Habang umuunlad ang kabihasnan at nagiging sibilisado ang sangkatauhang patuloy na dumarami, ay ang inang kalikasan naman ang nasasakripisyo. Patuloy ang paglason natin sa kanya.

May siyentipikong prediksiyon na sa taong 2030 ay tuluyan nang malulusaw ang mga yelo sa Antarctica at ito ay maghahatid ng pagkagunaw ng mundo. Kung sakaling ito ay magkatotoo, ito na ang ating huling dekada. Ngayon, paano natin gagamitin ang ating natitirang panahon? Gugugulin pa rin ba natin ito sa paraan na parang walang pagkagunaw na magaganap at ipagpapatuloy pa rin ang nakagawian? O gugugulin na lang natin ito sa pagkatakot at aabangan na lang natin na sumapit ang pagkagunaw? Sana ay gugulin natin ito upang pigilin na magkatotoo ang prediksiyon sa 2030 sa pamamagitan ng pagbabago na sisimulan natin sa ating mga sarili.


JAYSON A. OCAMPO
Literary Editor



Mula sa Patnugot Pampanitikan


Ang mga hula sa sansinukob ay nagmistulang kamay ng orasan. Hindi pabalik, kung hindi padaong ng padaong sa itinakdang katapusan – katapusan ng mga makasalanan. Sa pagpihit ng mga kamay, baterya ang nagsisilbing buhay, tubig ang kumakatawan, puso at isip ang mga naglalagitikang panahon, paglalakbay.

Sinasabi na sa taong dalawang libo't tatlumpu huhugahan ang daigdig. Iiyak ang inang kalikasan. Mula sa pinakamaliit na parte ng dalampasigan padadaluyin hanggang sa pinakasukdulan. Ang mga butil ng buhangin ay katumbas ng isang delubyong bagyo na maghahasik. Wala ng barkong titinding, wala ng Noah na sasagip. Ligtas ang mga hindi nag-alinlangan at nanalig sa Dakilang Lumikha.

Digmaan, gutom, lindol, salot at sakuna, itong lahat ay palilipasin, ngunit hindi pa ito ang kabuuang hatol. Pipitasin lamang ang mga bulok na bunga sa puno ng dakilang katotohanan. Hahayaang mabuhay ang mga tunay upang salain. Bibigyan ng sapat na panahon upang mapanatili ang katapatan at makaiwas sa tukso.

Tubig ang ginamit upang salain ang makasalanan. Ang tabak ng Diyos ang huling armas na gagamitin sa huling hukom.




JOSHUA N. CASTILLO
Literary Editor

Talaan ng Nilalaman

PAHINA	PAMAGAT	MAY-AKDA	DIBUHO	LARAWAN
08	Ari-arian	Melanie	Lanch	
11	Paglisán sa Mundong Sinilangan	Raphael	Raphael	
12	Larawan	Lloyd		Lloyd
15	Mga Bangkay	Jayson	Carol	
16	Kapaligiran	Elijah	Dean	
19	Eyes Wide Shut	Nathaniel		Lloyd
20	Domino	Melanie	Babylyn	
23	Euthanasia	Aileen	Lanch	
24	A Sudden Loss	Aileen		Lloyd
27	Tagapagmana	Jayson	Raphael	
28	Life Storage Vessel	Jocelle	Carol	
30	Awakening	Nathaniel		Lloyd
32	Sa Wakas	Jayson	Dean	
35	Pantasya	Lloyd	Antonette	
36	Tunay na Tahanan	Raphael		Reynaldo
39	Thanatophobia	Princes	Lanch	
40	Titanic	Alexis	Raphael	
43	Maniniyot	Bianca		Lloyd

Talaan ng Nilalaman

PAHINA	PAMAGAT	MAY-AKDA	DIBUHO	LARAWAN
44	Pagsibol ng Pagkalagas	Mark Joshua	Carol	
47	Relokasyon	Jayson	Erlie	
48	Liwanag sa Dilim	Angelo		Lloyd
51	Gerascophobia	Princes	Antonette	
52	Murderer	Deneil	Lanch	
55	Punla	Carol		Lloyd
56	Sa Biyaya ng Kalikasan	Lanch	Raphael	
59	Nilunod ng Pagtangis	Lloyd	Carol	
60	A Home can Make its People Homeless	Melanie		Lloyd
63	Gunaw	Ashley	Babylyn	
64	Palayok	Lloyd	Lanch	
67	Habulan	Melanie		Lloyd
68	Kompensasyon	Melanie	Raphael	
71	Mnemosyne: The Greatest	Aileen	Dean	
73	Wilted	Melanie		Lloyd
74	Ing Dagat Ampong Pangamate	Jayson	Erlie	
76	Online Literary and the Arts Winners			

ပဲခူး-ပဲခူးပဲခူး

Ari-arian

—HIZON, Melanie N.


Bakit binawi
ang hindi mo binigay?
Pahiram lamang.



Dibuho ni
Lanch Lenard C. Delos Santos
Color pencil and graphite



Dibuho ni
Raphael G. Polcarpio
Watercolor and graphite



ပုဂ္ဂိုလ် ဟူ၍ ပ ဗုဒ္ဓဘာသာ ပုဂ္ဂိုလ်ဘာသာ

Paglisán sa Mundong Sinilangan

— POLICARPIO, Raphael G.

Humanda na sa paglalakbay
o humanda nang mamatay?
Lilisanin na natin ang luntian at
bughaw na planeta,
ngunit saan na tayo titira?

Maaaring sa tabing planeta,
at maaari ring wala na.



— SAN PEDRO, Lloyd Dafydd R.

“Ang puno ay nagsisimula sa letrang P. Ano ang nagsisimula sa letrang P?”

“Puno po.”

“Sino ang makapaglalarawan kung ano ang hitsura ng puno?”

Biglang nagtinginan ang buong klase na tila nagtataka.

“Class, ang puno ay may mga dahon sa bawat sanga na nakakabit sa isang katawan. Ang puno ay matatag at ang pambansang puno ng Pilipinas ay tinatawag na Narra.”

“Teacher, ano pong hitsura ‘non?’

“Heto class, tingnan ninyo ang larawang ito.”

“Woowooow teacher, may ganyan po pala nung panahon niyo?”



Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro



Dibuho ni
Carol P. Baguisa
Color pencil and watercolor



Mga Bangkay

— OCAMPO, Jayson A.

Sila ay mga dakila
na handang ialay ang buhay
at magpapaslang sa mga tao
kahit sa marahas na paraan.
Tulad ng kung paano sila patumbahin
gamit ang de-makinang lagari.
Pagkatapos silang bawian ng buhay,
ang bangkay nila ay ilang ulit
pang padaraanin sa proseso
ng marahas na pagpaslang.
Magkakapira-piraso at lasug-lasog
ang kalunos-lunos nilang katawan
upang bigyan ng bagong anyo
bilang mga bagay na walang buhay.
Makikita ang kanilang bangkay
sa anyo tulad ng pintuan, lamesa,
silya, lapis, papel, at iba pa.

Tunay ngang sila'y dakila,
ngunit ang mga tao'y nahuhumaling
nang labis sa walang habas
na pagpaslang sa kanilang lahi.
Ngayon ay malapit nang tuluyang
maubos ang kanilang angkan.

ԾԻՅՔՆԵՐ

Kapaligiran

— MANGULABNAN, Elijah M.

Kayraming mga awitin, akda, at larawan
na naglululan ng mga papuri't
pagkahumaling sa nakaaakit na mukha ng kalikasan.
Kasama ng mga aral at tagubilin na ito'y
alayan ng pagkalinga't pagmamahal,
ngunit hindi ito nakintal sa puso't isipan.
Kagandahan lang ang nakita at hindi ang halaga;
kagandahan na gayo'y kumukupas na,
kasabay ng unti-unting pagkaupos ng buhay.
'Pagkat sa mga awitin, akda, at larawan lamang
nakapreserba ang kalikasan.







Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro

EYES WIDE SHUT

— HIZON, Nathaniel B.

They,
who have been digging their own grave
falling into mother's arms,
looking at deceit.

Where this has come to an end,
a latter that's sooner.

Too much dream
had drawn for the few.
Aims the peak
but never gone through.

High hopes
were drifting away.
It shatters,
torn closed eyes.

Selfishness,
the framework of depravity;
the walk, the flock;
the choke and an endgame.

Makers were sinners
calmly pathing a dispute.
A door for an outburst;
a shoot of anger.

Then they have realized,
aftermath, had given no chance.
Glimpse of future passed
as life seems falter.



Domino

— HIZON, Melanie N.

Anak mo ang aani
ng pagkakamali mo
at pagwasak sa mundo,
may matatanaw pa ba?



Dibuho ni
Babylyn M. Gochangco
Color pencil and watercolor



Dibuho ni
Lanch Lenard C. Delos Santos
Ink and graphite

EUTHANASIA

—MASONG, Aileen S.

Days filling my bedding,
I had outnumbered intricacy
Though my trunk forfeits,
without interrogating remedy.

I savagely craved to rise up,
but I always got punches
Around living with poor eyes;
making me oppressed.

Tomorrow's my redeemer,
I thirst more to breathe.
But a splash from my head,
covers my whole body.

My fluid is influent,
I beg for functions,
but will be forever departed,
never healed nor revived.

A SUDDEN LOSS

—MASONG, Aileen S.

In the midst of misery,
there are dreams with anticipation
searching for goodness.

Dreams that envision a fancy future
of people with desires,
and absolute artistry.

A dream that never deem
for frustration,
dissatisfaction
in a latter time.

Dreams will die
in unforeseen fortune.
Demolished and will never
breathe existence.



Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro





Dibuho ni
Raphael G. Policarpio
Watercolor and graphite

Tagapagmana

Tagapagmana

— OCAMPO, Jayson A.

Ang nais ko ay maayos na
mundong madaratnan
Hindi lang naman kayo
ang maninirahan d'yan
Ang iyong pamamalagi ay
may hangganan din
Taniman ng mga puno
bago ito lisanin.

Nais kong may
masilayan pang luntian
Huwag ninyo naman sana
akong pagdamutan
ng malinis na tubig
at sariwang hangin,
sa planetang naghihintay sa'kin.

Huwag naman ninyong
ubusin ang lahat ng katas
Baka latak na lang ang
matira sa yamang likas
Ang mga sira ay
kumpunihin bago ito iwanan
upang mayroon akong
ligtas na matirahan.

Isipin ninyo ang susunod
pang panahon
Ako ang magmamana ng
ginagalawan ninyo ngayon
Ang nais ko lang naman ay maayos
na mundong madaratnan
Ako ang salinlahing
hindi pa naisisilang.



LIFE STORAGE VESSEL

—BERNABE, Jocelle Lyn

Dreaded smokey mountains, heightened.
Deadly dusts, mold spores and pollens are
suspended freely in the air.
Car emissions and industrialized chemicals'
burnings were driven.



Dibuho ni
Carol P. Baguisa
Color pencil and watercolor

AWAKENING

—HIZON, Nathaniel B.

While everybody's
sleeping into numbness,
rolling within sweet dreams,
few were bothered by nightmares.

Shrieking a message,
minority raises a caution
that once a calm river
has ended a waterfall.

Still the blind eyes
ignore the truth,
but the rage of the earth
cannot be denied.

People can run,
they cannot escape however.
Days, months or years may pass,
soon, debt of ignorance will play
its role.

How many times
of not considering the facts,
until somebody suffers
just to impose what is being faced.

Instead of waiting
for visible proofs,
why did not pull a thread
for a thick and thorough hope?





Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro

ᖃ ᖃᖅᖃ

Sa Wakas

— OCAMPO, Jayson A.

Nasa kabilang bayan na raw ang tubig kaya nagkakagulo sa paglikas ang mga tao sa aming bayan. Hinawakan ko nang mahigpit ang kamay ng aking anak. Hinding-hindi ko siya pababayaan tulad ng ipinangako ko sa'king asawa bago siya mamaalam.

Habang hila-hila ko ang aking anak, humalo kami sa nagtatakbuhan ng mga tao. Natataranta ang lahat 'pagkat hinahabol kami ng rumaragasang tubig. Mabuti na lang at may mga matataas na gusali sa lugar namin. Dali-dali kaming umakyat sa gusali.


Sa dami ng mga tao, siksikan kami sa pinakataas na palapag. May mga tulala na lang, may mga umiiyak, may mga nagdarasal habang nakatingala sa langit. Matagal nang wala kahit isang patak ng ulan mula sa langit ngunit lumalaki ang baha.

Hawak-hawak ko pa rin ang kamay ng aking anak na humahagulgol na sa takot. Gamit ang palad ko, tinakpan ko ang kaniyang mga mata.

“Wag kang matakot anak, pumikit ka lang muna sandali at pagdilat mo ay maayos na ang lahat.”

At mula sa itaas ng gusaling kinatatayuan namin, nararamdaman ko na sa mga paa ko ang paggapang ng tubig. Nararamdaman ko ring humihigpit ang kapit ng aking anak. Paakyat nang paakyat ang tubig.

Pumikit na lang din ako't nagpasalamat. Inisip ko na lang na mabubuo na ulit kami ng mag-ina ko sa wakas.






Dibuho ni
Dean Daniel A. Mempin
Color pencil



Dibuho ni
Antonette Delos Santos
Color pencil



පරිච්ඡේද

Pantasya

— SAN PEDRO, Lloydd Dafydd R.

Pilit na inaalala,
tama ba aking memorya?
Mundo ba'y naging luntian,
o isa lamang pantasya?

ᐅᐅᐅ ᐅᐅ ᐅᐅᐅᐅᐅ

Tunay na Tahanan

— POLICARPIO, Raphael G.

"Saan ka ba nakatira?" Isang tanong na ang lahat ay kayang sagutin.

"Diyan lang sa maliit na kubo na iyan," sagot ng isang ale.

"May condo kami sa Manila," tugon naman ni manong.

"Sa kalsada lamang ako nakatira," ani ng isang palaboy.

"Ikaw iho, saan ka nakatira?"

"Hindi ko po alam, basta ang alam ko iisa lang ang ating tahanan at mukhang malapit na itong mawala," tugon ko.





Larawan ni
Reynaldo A. Gumabon



THANATOPHOBIA

—LATUJA, Princes Josephine B.

The sun is nowhere to be found and the sound of monsoon radiates the open field. The dark clouds threaten the ground to pour its heavy rain, flooding in the whole land, washing away all the remaining dust on its surface. The freezing breeze of the wind makes my body shiver in biting cold, thus I rub my palm against my arms, practically hugging myself.

Dread fills my body when I hear the unwanted sound of siren, indicating the presence of the colonizer.

“Get off the damn way!” The guy wearing a military suit shouted as the huge truck hurriedly passed through the highway. It was like a lightning with its deafening roar.

I sit on the ground behind the huge trash can, hugging my knees when I bend it. I feel my body trembles in fear, covering my ears to not hear the exchanging sound of different firearms.

“I’m scared...” I whispered to myself, almost crying in great terror. I am not afraid of dying.

What I am afraid of is the way I will possibly die.

Dibuho ni

Lanch Lenard C. Delos Santos

Color pencil and graphite

TITANIC

— CAADAN, Alexis S.

She was a ship once
sailed in tranquility
Played a role by keeping
her people's security
Served as the vessel to
navigate in the serene ocean
But then failed to take her
folks to their destinations.

A large floating mass of
ice prevented her passageway
Her astonishing structure hit the
stiffened ice along the way
She was broken and torn apart,
eventually drown
She did not save the
people of her own.

What happened to the
valiant carrier of the mankind?
The watcher did not do his duty,
why hiding from behind?
Is it her own people at fault?
The ship was Mother Earth.



Dibuho ni
Raphael G. Policarpio
Watercolor and graphite



Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro

Maniniyot

Maniniyot

— GONZALES, Bianca Gail D.C.


Hawak ang isang lumang kamera,
sinisilip muli ang mga alaala.
Binabalikan ang bawat pakiramdam,
ang bawat imahe at larawan.

Sampung taon pabalik sa nakaraan,
nakatutok ang lente sa paslit sa lansangan.
Sa aleng nakangiti sa kabila ng kainitan,
sa maingay at magulong lipunan.

Sampung taon pabalik sa nakaraan,
pinilit bihagin ang kagandahan
ni Inang kalikasan.
Ang mga ibong nagliliparan
at punong nagsasayawan,
ninais na madakip sa isang larawan.

Sampung taon pabalik sa nakaraan,
ang simoy ng hangin ay pinapakiramdaman.
Sa tuktok ng bundok
hinahanap ang tamang panulukan,
inaabangan ang pagsikat ng
araw mula sa Silangan.

Sa taong kasalukuyan,
muling hinahanap ang
pag-asang dala ng liwanag.
Ngunit sa pagtutok na tanging talaan,
ang sumalubong ay luhanang
lumunod sa sanlibutan.



ပုဂ္ဂိုလ်တို့၏ ဂုဏ် ပုဂ္ဂိုလ်တို့၏

Pagsibol ng Pagkalagas

— SUNGA, Mark Joshua D.S.

Kumusta ka, dalampasigan?
Kumusta ang sangkatauhan na sayo’y nananahan?
Mga pangako mo na walang hangganan,
tumutugma sa tangi mong karilagan.

Gandang walang kupas ng dapit-umaga
Ang unang siglo kung saan ito nagmula
Hanggang sa takipsilim na dulot ng panahon,
sa dilim at lagim na iniwan ng kahapon.


Kahit anong silaw ay may kakagat na dilim;
kahit gaanong liwanag ay may katapusan pa rin.
Dahilan ng pag-abuso sa sansinukob,
paglapastangan dito nang wala sa loob.

Tapon dito, tapon doon.
Hindi naman tayo ganyan noon.
Disiplina sa kalikasan ay nasaan na?
Payapang mundo ay umiikot pa ba?

Sa pagitan ng nag-aagaw na liwanag at dilim,
may nakatagong paraisong tahimik at taimtim.
Sa ‘di kalayuan ay mamamasdan ang dagat na pula,
naghihintay kung ang araw ay sisikat pa.

Ito ang simula ng huling dekada
sa paraisong napipitas.
Marahil ito na ang pag-usbong
at simula ng pagwawakas.

Dibuho ni
Carol P. Baguisa
Color pencil and graphite





Dibuho ni
Erlie Dawn B. Latuja
Watercolor



Relokasyon

— OCAMPO, Jayson A.

Kahit makasipat ng alternatibong matitirahan
sa kung saan mang panig ng uniberso,
hindi ito dapat ikahinga nang maluwa.
'Pagkat ang sagad sa layong nasisilip ng teleskopyo'y
hindi kayang tawirin ng buong sangkatauhan.
Kung kaya mang lakbayin ng sasakyang pangkalawakan,
bilang lang ang mga makasasakay.

Hindi rin tiyak kung makalalapag,
baka may makasalpukang kometa sa biyahe.
Hindi rin garantiyang ligtas sa madaratnan,
baka may ibang nilalang na naninirahan doon
na hindi malugod tumanggap ng bisita.
Baka palayasin, paslangin o pag-eksperimentuhan nila
kapag nakakita sila ng mga estranghero sa kanilang mundo.
Baka hindi rin madugtungan ang salinlahi,
baka hindi rin magtagal ang hininga
sa magiging takbo ng buhay kung sakali.

ᠢ᠋ᠠᠨᠠᠨᠠᠨᠠᠨ ᠤᠯᠤᠰ

Liwanag sa Dilim

— DELA CRUZ, Angelo A.

Pasasa ang mga bituin sa langit,
sa unang tingin wari'y walang hinanakit.
Makinang ang taglay nitong liwanag,
wari ba'y walang iniindang habag.

Ngunit sa likod ng nakasisilaw nitong sinag
ay may mensaheng nais isiwalat.
Tila isang banta ng marahas na digmaan
na sa palibot ng mundo ay nagbabadyang
maganap.

Bibigat ang pasanin ng bawat indibidwal,
katumbas ang bigat ng kalawakan.
Mag-iiba ang timpla ng kapaligiran.
Ang dating natural ay masisirang literal,
tatahimik ang lupang sinilangan.
Mababaon sa limot kasama ang nakaraan.

Larawan ni

Lloyd Dafydd R. San Pedro





Dibuho ni
Antonette C. Delos Santos
Color pencil

GERASCOPHOBIA

—LATUJA, Princes Josephine B.

Thy fresh skin sinks in.
Nerves are getting numb,
mind is getting dumb,
thy memories have forgotten.

Thy hands tend to tremble;
thy words tend to rumble.
Lungs have weakened;
muscles have enfeebled.

Thy end is getting near,
causing you lots of fear.
Crying out your anxiety,
you are lack of amenity.

MURDERER


— MANGALINO, Ralph Deneil G.

With the clenching teeth,
irresponsible use of knife in your hands.
With the fearless looks in your eyes,
you stab my mother... earth.

Dibuho ni

Lanch Lenard C. Delos Santos

Color pencil and graphite





Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro



— BAGUISA, Carol P.

Malawak na hardin,
sisidlan ng mga halamang umiindayog
sa saliw ng sariwang hangin.
Isang kariktan sa katawan ng mundong
luntian,
walang pagsidlan ng kayamanan.
Animo'y paraision mapayapang pinamahayan
ng aking mga ninuno
sa nakaraang milenyoy.

Ngunit namamatay na ang oras,
kasabay ng tila pagtaas ng grado ng aking
paningin
sa pagpapalit-anyo ng dating malawak na
hardin.

Hindi ko maarok ang layong nilakbay nito.

Nagtatanim pa rin naman ang mga tao upang
mabuhay,
ngunit iba na ang binhing ibinabaon.
Kinalaykay at binungkal ang luntiang hardin
upang pagtamnan ng mga naglalakihang bakal
at bato,
upang punlaan ng nagtatayugang istraktura.

Ang malawak na luntian,
ngayon ay naging sementado.
Ang punlang noo'y ilang pulgada lamang ang
iniaangat sa lupa,
ngayo'y tumitindig ng ilang metro pahilaga.
Marahil ay magkaiba ang naipunla,
sa pag-aakalang ang huli'y mas mabisa.

At sa tuluyang pagkamatay ng oras,
mamumunga ang punlang itinatanim sa
kasalukuyan.
Hindi na muling papayagan ng lupa ang kahit
anong punla,
bukod sa katawan ng tao anim na talampakan
paibaba.
Aanihin, kamatayan.



ဟံ ဗံဗံ ၇၆၈၇ နှိန်နီဟူ

Sa Biyaya ng Kalikasan

—DELOS SANTOS, Lanch Lenard C.

Lunurin man ng baha,
sa pag-apaw ng dagat.
Sanhi ng kamalian
ng mga taong bulag.





ᐃᐅᐅᐅ ᐃᐅᐅᐅ ᐃᐅᐅᐅᐅᐅᐅ

Nilunod ng Pagtangis

— SAN PEDRO, Lloyd Dafydd R.

Nang matapos kang alagaan ng sinta mong Ina,
ika'y nagpakalulong sa pagiging malaya.
Umabuso sa lahat mong nakikita,
hindi inakalang siya ay nasa tigib ng lumbay.

Pagkatapos mong pagkaingatan,
nalimutan mong lumingon sa pinanggalingan.
Umasenso ka sa lahat ng dako,
habang sa paanan ang iyong Ina
ay nalugmok sa 'yong pangako.

Dati ang mga kailangan mo'y kanyang pinupunan.
Hindi na niya inisip kung siya ay mawalan.
Ngayong ikaw ang naging kumpleto,
hindi ka pa rin nakuntento't
tila ang sobra ay kulang kung ituring mo.

Nagpakasasa ka sa sarap ng sanlibutan
nang hindi man lamang namamalayan
na nalalapit na ang pagkaubos ng mitsa ng kanyang buhay.
Walang ka nang magagawa sa oras ng katapusan.

Sa kababawan ng 'yong luha'y
malulunod sa sarili mong pagtangis.
Sabay kayong papanaw,
nang minsang sayo'y kumupkop.
Sabay sasambit ng paalam,
sa huling pagkakataon.

Dibuho ni

Carol P. Baguisa

Color pencil and graphite

A HOME CAN MAKE ITS PEOPLE HOMELESS

— HIZON, Melanie N.

It takes you (human)
for me to breathe,
when the Omnipotent
created Adam and Eve.

It also takes you (human),
your greediness and
abusive desirous heart
for me to loosen the grip,
to not hope
that you won't make me feel
less than a home,
to not wake up tomorrow
to shed you light
but sorrow,
and to die,
in any possible means
I could not be abused,
to be untouched by your inhuman
palm.





Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro





Gunaw

— PANGILINAN, Ashley P.

Oras ay nauubos
Unti-unting nauupos
Bumibigay sa pagkakatulos
Nalalapit na ang unos.



Palayok

—SAN PEDRO, Lloyd Dafydd R.

Itinuon ang buong atensyon
na tila anak ng sining.
Buong puso ang paggawa,
nililok ng kamay na mahiwaga.

Isang libo't isang butil ng pawis ang
tumagaktak
sapagkat hindi oras,
kundi araw ang inialay.
Pagkatapos ng mahabang proseso
ng pagpapawis at paglilok,
hindi matawaran ang ngiti.

Sa mahabang panahon na itinuon,
sa kabila ng mabusising paglikha,
katulad ng isang palayok,
nilikha ka lamang ba upang sirain ng iba?



Dibuho ni
Lanch Lenard C. Delos Santos
Color pencil and ink



Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro



Habulan

— HIZON, Melanie N.

Sa tagpong ito, prinsipyo kong manatili sa kinatatayuan ko —kahit narito ang takot. Diretso ang balintataw sa pagtanaw sa labas ng durungawan ng tahanan. Malinis naman ang likaw ng aking bituka, ngunit bakit ako nakakulong?

Bukod sa matang malayang nakapaglalayag sa abot nitong kayang tuntunin, lumilipad din ang aking isip. May masugid na gustong apuhapin, gustong uwian, kahit hindi ko sigurado kung maituturing ko pa itong tahanan.

Hindi man malinaw, ngunit nasa aking gunita.

Isang magandang alaala ng batang paslit ang namutawi sa isipan. Lagalag sa gitna ng kabukiran sa ilalim ng arawan kung saan libre pa ang sariwang hangin at ang araw ay hindi pa kayang manakit. Tila makabubuo ng isang magandang larawan, habang ang alapaap ay nilukob ang mundo sa pagkabughaw nito —sapat at sa kapayapaa’y ‘di uhaw. Tumatakbo ng anong tulin gaya ng eroplanong papel na tinatangay ng sariwang hangin ang paslit, takot maabutan ng taya. Tinatakas ang panaginip sa tanghaling tapat, makapaglaro lamang ng paborito niyang laro —ang habulan.

Sa sigasig ng paglalayag, unti-unting nagiging klaro. May pwersang nagtutulak sa akin para lumingon kaya kahit ‘di ko man payagan ay unti-unti kong hinayaan ang sarili na lumingon sa nakaraan. Natanaw ko ang dating tahimik na kabukiran na ‘di na nasisinagan ng tirik na araw. Wala na ang mga paslit na naghahabulan. Nililok ng panahon ang pagbabago sa kasalukuyan.

Kung maaari lang na kumatok at pagbuksan ng nakaraan, maaari bang doon na lang ako manatili? Sapagkat nais kong muling makipaghabulan.

Ngayon, buhay pa rin naman ang larong habulan ngunit ayoko ng sumali, sapagkat ako ang dehado kung oras, pagkalunod at kamatayan ang magiging kalaro ko. Mas matulin ang mga ito kumpara sa ordinaryong tao na kagaya ko.



Kompensasyon

— HIZON, Melanie N.

Ang minsang pagdalaw ng isang tama
sa kabila ng siyam na pagkakamali mong nagawa
ay hindi maiaalis sa gunita.
Hayaan mong saglit kang sa bisig ko'y manahan
at ang 'yong alaala ng kabutihan.
Hayaan mong hagkan kita,
sa huling pagkakataon
bago ko bawiin ang hiniram mo
kapalit ng sa aki'y ipinagkait mo
—buhay.

Sapagkat kung ano ang kinuha
ay siya ring kapalit nito.

Dibuho ni

Raphael G. Policarpio

Watercolor and graphite





Dibuho ni
Dean Daniel A. Mempin
Color pencil

MNEMOSYNE: THE GREATEST

—MASONG, Aileen S.

Memories —it is priceless and it never dealt with sadness. Every bit of it will float with joy, even sorrows. All things are kept to be remembered and often remain in our minds; from how aesthetically existing creatures are consumed by many, used with intemperance until it ends to foolishness.

A departure is a memory.
Goodbyes are the representation of archaic circumstances that tend to be an endpoint and is a waste. It will always be in mind fulfilling another memory.

Any disaster can trace Poseidon's eye, together with Ocean, Pontus, Naiads and Leucothea's. It may be brought because of Nereus and Triton with their overly voiced sounds scattered throughout, conquering large part until it covers the whole.

A disaster is a memory and it is apocalyptic.



Larawan ni
Lloyd Dafydd R. San Pedro



WILTED

— HIZON, Melanie N.

In time,
life will wither
like leaves that were once greener.

Ing Dagat Ampong Pangamate

Ing Dagat Ampong Pangamate

— OCAMPO, Jayson A.

Mipatulala ku keng dagat,
Bala atin yang malalam a buring sabyan.
Melunud ya ing kakung panlawe king asul a danum;
Pepakit ne kaku ing takut ku king pangamate.
Atyu ku king dalampasigan, makatalakad;
Akakit ke ing dagat bagya-bagya yang lalapit kaku.

Dibuho ni

Erlic Dawn B. Latuja

Watercolor





2030: ANG HULING DEKADA

ONLINE LITERARY AND THE ARTS FESTIVAL



မင်းတုန်း

Mga Tula

Ang Huling Pagsuso sa Katas ni Ina

Ang Huling Pagsuso sa Katas ni Ina

— GONZALES, Christian M.
(BSEd English 1A)

Sa isang magarbong piging
magsisimula ang hudyat ng sigwa.
Isasalansan sa ibabaw ng
mesa ang mga tinidor at kutsara.
Mga plato'y magsisilbing sisidlan
ng mga putahe para sa hapunan,
at kalauna'y lilitaw ang katotohanan
sa bawat paglunok ng yaman.

Maraming taon nang nagpapakasasa
ang gutom na sikmura
Sumususo ng biyaya, sinasaid hanggang
sa kahuli-hulihang patak ng sarap.
Hihigupin ultimo huling katas na sana'y
nakalaan sa mga susunod na bukas
Hanggang sa wala nang matira
kundi ang tigang na sisidlang
siphayo ang mababakas.

Matapos pawiin ang gutom
at kalauna'y dighay ang tumugon,
ang pinagkainan sa ibabaw ng
mesa ay hahayaang mabulok
Pagpipiyestahan ng mga
insekto, langaw at uod,
hanggang sa umalingasaw ang
baho at lasunin ang mundong
sinuso hanggang matuyot.

Isa itong malinaw na palatandaan
kung gaano karahas ang bawat hapunan;
Na ang pagnanais ay sumisidhi
hanggang sa mapalitan ng karahasan.
Habang may unti-unting namamatay
sa gitna nang pagsusong walang
pakundangan,

at ang itinugong dighay ay muling
mapapalitan ng masidhing pagkalam.

Umiikli ang panahon, ang tinatapakang
solido ay unti-unting nagiging likido.
Nilulunod ng mga humahampas na alon
na ang may kagagawan din ay tao.
Na kung hindi sana binulok ang
pinagkainan at sinuso ang huling
katas ni ina para bukas,
ay hindi sana paniningil nitong
daigdig ang umiiral at ipinamamalas.

Lumilitaw ang katotohanan sa
gitna ng malawak na hapag-kainan,
kung saan ang mga naatasang
tagapangalaga ay nagiging
masiba at gahaman
Na habang patuloy na
sumusubo at lumulunok ng yaman
ay humahandusay ang kalikasang
inihain sa hapag-kainan ng
halang na mamamayan.

Ang bumabayong sigwa at sumisidhing
hilahil ay magsisimula sa isang
magarbong piging
Kung saan ngunguyain at lulunukin
ang yaman, maging ang huling
katas ng mundo ay sasairin.
At marahil, kung magpapatuloy
ang pagsaid, kapabayaang pang-aabuso,
hindi malabong ito na ang huling pagsuso
at mas maaga pa sa isang dekada na
mawala sa atin ang mundo.

1st Place in Poetry Writing
Online Literary and the Arts Festival 2020

ပုဂ္ဂိုလ်သား

Pagbangon

— PANGILINAN, Ashley P.
(BSEd Science 2)



Katotohanang nakapanghihilakbot
Pilit idinuduldol sa kukoteng baluktot
Kung paanong ang inang nagmalasakit
ay nadudurog sa kamay ng
mga anak na kay lupit.

Pusong sisidlan ng
pag-asa't kadalisan,
ngayo'y nagdurugo't
nilukob ng kadiliman.
Kamay na minsang naging
kanlungan ng pagkalinga,
ngayo'y libo-libong buhay
ang kinukuha.

Kasabay ng pagtayo
sa sariling paa
ay ang pagdurog sa mga
abusadong anak niya.
Matang 'sing alab ng bulkan;
ngalit na 'sing bagsik ng karagatan,
ating tanggapin ang ganti ng inang
kalikasan.

2nd Place in Poetry Writing
Online Literary and the Arts Festival 2020



MOURN

— GERONIMO, Alexis
(BSABEn 2)

Sun made a direction to follow.
Wind whispered sorrow.
Sea allowed the water to flow.
Earth will mourn tomorrow.

3rd Place in Poetry Writing
Online Literary and the Arts Festival 2020



မြန်မာ့ သမိုင်း

Mga Dagli

පැමැණිකාව දිව්‍ය ජිවිත

Pagmamakaawa ng Demonyo

— GONZALES, Christian M.
(BSEd English 1A)

Marahas ang bawat gabing ipinaramdam sa akin ng panahon. Kasabay ng paghagod ng romansa ng mga hayok nilang kalamnan ay ang pagtambad ng kinabukasan sa nakatiwangwang kong katawan.

“Pare, sige pa! Romansahin mo pa hanggang wala pang ibang tao,” wika ng isang lalaking naliligo sa malagkit at masangsang niyang pawis.

“Oo, pare, heto na! Ibabaon ko na,” maingat na idiniin ng lalaki ang armas niyang lumilikha ng lasong unti-unting kumikital sa bawat hibla ng aking ugat. Umusal ang magkakasunod na putok. Maraming putok. Sumambulat.

Nagbunga ng sigwa at hilahlil ang ginawa nilang romansa sa loob ng maraming magdamag.

Isang gabi, matataas ang alon sa karagatan. Nagngangalit. Hindi pinakinggan nang naniniphayong daluyong ang panalangin ng mga taong hayok sa yaman.

Tumaob ang bangka. Naningil ng pautang. Nilamon ng karagatan.

Mula nang umiral ang katakawan sa biyaya ng kalikasan, bumabalik sa tao ang romansa ng paniningil at paghihiganti dahil hindi ko pa rin nakalilimutan ang gabing nilapastangan ako ng mga inaruga kong tao — na ngayong tinubuan ng sungay at naging demonyo. Ako nga pala si inang kalikasan na hindi n’yo nakilala sa gabing lumikha kayo ng kademonyohan.

1st Place in Flash Fiction Writing
Online Literary and the Arts Festival 2020

WELCOME HOME

— PANGILINAN, Ashley P.
(BSEd Science 2)

Kasalukuyan akong naglalakad bitbit ang malaking bag. Kalalaya ko pa lamang mula sa isang piitan sa kasong illegal logging. Alam ko namang bawal, ngunit sumugal ako dahil sa hirap ng buhay. Dalawang taon din akong nakulong sa bansang ito, kaya naman ako’y sabik na sabik nang umuwi ng Pinas.

Suot ang malawak na ngiti ay naglakad ako sa loob ng paliparan. Magpapa-book ako ng biyahe sa pinakamalapit na petsa. Kumuha ako ng pera at pumila, iginala ko ang aking mga mata upang tanggalin ang inip. Ganoon na lamang ang aking panlalambot nang masaksihan ang balita sa telebisyon.

“A super typhoon struck the Philippines yesterday leaving a complete devastation. Nearly half of the land mass almost vanished in the visible map. The experts fear that less than 30% population has the chance to survive.”



2nd Place in Flash Fiction Writing
Online Literary and the Arts Festival 2020

Ice Tubig

Ice Tubig

—OCAMPO, Jayson A.
(BSBA 2A)

Sa katanghaliang tapat ay may pinabili sakin si nanay. Habang naglalakad ako galing tindahan, bumubulabog pa rin sa isip ko ang sinabi ng speaker sa isang seminar patungkol sa global warming na ginanap sa eskwela namin kahapon. Sabi niya, dahil sa pag-init ng temperatura ay nalulusaw na raw ang mga yelo sa Antarctica at nagdudulot ito ng pagtaas ng lebel ng tubig sa karagatan.

Nag-aalala ako kasi 'di ko mapigilang mag-imagine kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Paano na kaya ang mangyayari sa mga susunod na taon? Baka lumubog lahat at kung mangyari man iyon, saan kaya tayo pupunta o ano ang gagawin natin? Hala! Ayokong malunod! Ayoko pang mamatay!

Kung anu-ano ang naiisip ko habang naglalakad kaya sobrang bagal na pala ng paghakbang ko. Medyo malayo pa naman ang tindahan sa amin. Napabilis na lang ang paglalakad ko nang makita ko na ang pagkalusaw ng mga yelo dahil sa init ng araw. Gusto kong pigilin ang pagkalusaw ng mga ito pero wala akong magawa.

Takot na takot ako. Nagmadali ako nang sobra bago pa mahuli ang lahat, ngunit nangyari ang kinatatakutan ko. Tuluyang nalusaw ang mga yelo. Pagkauwi ko ng bahay, tumutulo-tulo pa ang dala kong sando bag. Icetubig na lang ang tatlong yelongs pinabili ni nanay. Malilintikan na naman ako sa kanya dahil dito.



ဗမာ ဗလ်အိုဘ် အပါဂ္ဂါ
Mga Maikling Kwento

ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ ਪੰਜਾਬੀ

Ang mga Araw sa Kahabaan ng Lungsod

— GONZALES, Christian M.
(BSEd English 1A)

Habang lumilipas ang panahon, mas lalong lumalaki ang pangangailangan ng pamilya. Mahirap makahanap ng trabaho sa probinsya kaya susubukan kong makipagsapalaran sa kalakhang Maynila sapagkat marami ring nagsasabi na nandoon daw ang malalaking oportunidad.

Maingay na lansangan. Buhol-buhol na trapiko. Makakapal na bolyum ng mga sasakyan. Nasa siyudad na nga siguro ako. Bukod pa sa senaryong natunghayan ko mula sa bintana ng sinasakyan kong pampasaherong bus ay namangha rin ako sa matataas na imprastraktura. Mga magagandang tanawin. Asensadong komunidad. Totoo nga ang sabi nila na talagang maunlad sa siyudad kaya sana'y umayon sa akin ang kapalaran.

"Para ho! Dito na lang ho ako," nananabik kong senyas sa konduktor ng bus. At kaagad naman itong huminto at binuksan ang pintuan. Moderno na nga ang mundo dahil awtomatikong bumubukas maging ang pintuan ng mga sasakyan.

Ilang minuto rin akong naglalakad sa kahabaan ng isang pasilyo habang manghang-mangha sa ipinamamalas na tanawin ng lugar na ito. Malayong-malayo ito sa probinsya.

"Ate, pwede pong magtanong? Alam n'yo po ba kung saan ko matatagpuan itong address na 'to?'" Tanong ko sa isang babae.

"Ah, doon po ito sir. Direkto lang po kayo, at may makikita kayong kanto, pasok po kayo ro'n at ilang hakbang lang, makikita n'yo po iyan," malinaw na pagtuturo ng babae.

"Maraming salamat po."

Habang sinusundan ang direksyong sinabi ng babae ay 'di maalís sa akin ang pagkasabik dahil sa wakas ay magkakaroon din ako ng trabaho at matutugunan ang pangangailangan ng aking pamilya.

Matapos ang ilang minutong paglalakad ay tumambad sa akin ang isang malaking gusali. Ito na yata ang pabrikang papasukan ko.

Kaagad akong humakbang papasok sa loob. Nasa pintuan pa lamang ay maririnig na ang maingay na tunog ng mga makina. Masisilayan din ang maiitim na usok na ibinubuga ng isang animo'y tambutso subalit malaki iyon at paitaas ang direksyon ng usok.

"Magandang umaga po, ako po si Danilo Reyes, 'yong tinawagan n'yo po," pagpapakilala ko sa isang lalaking sumalubong sa akin.

"Ah oo, ikaw 'yong nag-apply no? Halika, sumunod ka sa akin at ngayon din ay magsisimula ka na sa trabaho mo."

Kaagad akong sumunod sa lalaking boss yata ng pabrikang ito. Itinuro niya sa akin kung ano ang dapat kong gawin. Madali lang naman dahil sa paglilinis niya muna ako inilagay dahil daraan daw muna ako sa ilang pagsasanay para sa mas mabibigat na trabaho.

Hindi naman ako nagdalawang isip dahil kahit papaano'y makatutulong din ito sa aking pamilya.



Sa pagpapatuloy ng trabaho ay may mga ilang bagay na pumukaw sa aking atensiyon dahil tila wala sa ayos ang mga basura. Nakakalat lamang ito habang pinagpipiyestahan ng mga langaw at iba pang insekto.

"Kuya, saan ho iyan itatambak?" Tanong ko sa lalaking isa-isan binubuhay ang mga sako ng basura upang isakay sa truck.

"Doon sa may tabi ng ilog, sinisigaan din naman kaya ayos na ro'n," tugon ng lalaki.

Pagkabigla ang ipinamalas ng aking damdamin dahil sa sinabi ng lalaki. Hindi ko sukat akalain na ang pabrikang ito na kumikita ng malaking halaga ay kung saan-saan lang pala nagtatapon ng basura. Walang maayos na sanitasyon at tila polusyon ang ibinabalik sa mundo.

Natapos ang unang araw ko sa trabaho. Pauwi na ako sa tutuluyan kong bahay nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Ilang minuto lamang ang pag-ulan ay sinalubong na kaagad ako ng hanggang tuhod na baha. Ngunit bukod dito'y kumpul-kumpol na basura ang malayang lumulutang sa kulay kapeng tubig.

"Ayan na naman ang baha, wala kasing disiplina ang tao, kung saan-saan lang nagtatapon ng basura," dismayadong wika ng isang babae.

Kaya pala mabilis lamang bumaha sa lungsod ay dahil sa mga basurang kung saan-saan lang itinatapon. Tila nagdurusa ang mundo sa kapabayaang pang-aabusong ginagawa ng mga tao. Nakatatakot

lamang dahil tila maliit na lamang ang kapit nito at mistulang ilang taon na lamang ay tuluyan nang bibigay dahil sa lalim ng sugat na nilikha ng mga inaruga nitong mamamayan.

Naging makamundo ang tao. Napabayaan natin ang kalikasan kung saan nagbibigay sa atin ng serbisyong hindi kayang tumbasan ng kahit ano pa mang umuusbong sa kasalukuyang panahon. Naging bulag tayo sa mga teknolohiyang gawa lang ng tao na kalimitang nagpapalugmok sa mundo. Minahal natin ang modernisasyon habang iniwan sa isang sulok ang obligasyong pangalagaan ang mundo.

Inabuso ang pananahimik, naging matakaw at gahaman sa mga biyayang dapat sana'y sapat para sa lahat, ngunit kinakamkam ng mga gutom at masiba. At nang maramdaman ang paniningil ay nagmistulang nakalimutan ng tao ang kanilang inutang.

Isa ang lungsod sa mga patunay kung gaano napabayaan ang mundo dahil sa kung paano umiral ang klima at panahon dito. At kung 'di natin sisimulan ang aksyon ay tila lulunurin na lamang tayo ng mga ginawa nating pang-aabuso at kapabayaang. Tayo rin ang magdurusa; tayo rin ang mawawalan.

Sa patuloy kong paghikbang ay 'di na lamang trabaho at sahod ang aking dalangin, kundi ang maisalba ang mundo sa napipintong pagkalunod dahil marami pang susunod. Ipangananak pa ang mga henerasyon na umaasa ring matikman ang biyaya ng mundo.

ပဲခူး ပဲခူး ပဲခူး ပဲခူး

Ang Teorya ng Pagkagunaw

— GERONIMO, Alexis
(BSABEn 2)

Nang magsimula ang lahat ay papaya. Ang mundo ay isang marilag na mutya. Ang kaniyang mga dagat ay tila asul na sutla, ang langit ay bughaw na tahanan ng mga tala, at ang lupa ay mabunga ng gulay at prutas na biyaya.

Tumindig ang henyo at nagwika, *"Lumikha tayo ng bagay na mainam at mabuti. Tatawagin itong plastik ng nakararami."*

Lumipas ang mga araw at nakita ng henyo na ito ay mabuti. At nakita ba ninyo ang kamangha-mangha nitong mga kulay? Nakita ba ninyo ang epekto nito sa ating buhay? Dahil dito ay nagbunyi at nagpuri ang mga tao. Lubos nilang tinangkilik ang mga produkto, at nakita ng henyo na ito ay mabuti.

At nagwika ang henyo, *"Lumalang tayo ng bahay-bulwagang malaki, ito'y imbakan ng krudo at produkto. Tatawagin itong factory, sapagkat dito lilikhain ang plastik ng mga tao."*

Namangha ang mga tao sa gusali. Hindi ba kay ganda at kay laki ng mga ito? Para itong tahanan ng mga hari, at nakita ng henyo na ito ay mabuti.

Sindiha ninyo ang mga sulo, umpisahan nang sunugin ang mga kurudo, magsimula na kayong gumawa ng produkto. Lumitaw ang mga maiitim na usok at...

"Shhhhh. Hindi naman ganoong kaitim."

Umagos ang maruning tubig at...

"Shhhhh. Hindi naman ganoong kadumi at walang epekto."

At nagsawalang bahala ang mga tao. Hindi pinansin ang peligro. Nakita ng henyo na ito ay mabuti, sapagkat dumami ang kanyang salapi.

Dumami ang tumangkilik sa produkto. Dumami ang basura at plastik sa mundo. At sinabi ng henyo, *"Sunugin ang mga basura, ubos ang basura, tapos ang problema."*

"Ngunit maitim at mabaho ang usok nito at..."

"Shhhhh. Hindi naman ito mapanganib at mapaminsala. Walang dapat ipag-alala."

Muling nagbulag-bulagan ang mga tao. Nakita ng henyo na ito ay mabuti.

Ngunit ang lahat ay 'di nagtagal. Umitim ang karagatan at katubigan, dumumi ang kapaligiran, at nabutas ang proteksyon ng tao mula sa kalangitan, at nakita ng henyo na ito ay mapanganib.

Nagtago ang henyo, naghirap ang mga tao. Nagsimula nang makita ang epekto sa kalikasan at kapaligiran.

Sinabi ng henyo, *"Magugunaw na ang mundo, bubuhos ang tubig. Babalutin ng tubig ang kapaligiran at lahat at malulunod sa kailaliman."*

At dumating ang araw na iyon. Umapaw ang tubig, lumutang ang mga patay, ang lahat ay naging bangkay. Lahat ay binawian ng buhay.

အပိုင်း ၁၂၀

လူ့သဘာဝနှင့် လူမှုရေး

Kapalit ng Imposibleng Inasam

— VERONA, Daniel Luis P.
(BEEed 2A)

Ako si Genesis. Sabi ng magulang ko hango ang pangalang ito sa bituwin na kadiskubre lang sa araw ng aking kapanganakan. Sa isang tala nagmula ang aking pagkakakilanlan kaya 'di kataka-takang hanep ako kung humiling.

Mula ako sa bantog na pamilya, may katungkulan kasi sa gobyerno si papa. Siya ang mayor ng aming bayan. Inaamin ko lumaki ako sa luho at laging nakukuha ang gusto ko. Pero may isang bagay lang silang 'di maibigay sa akin kahit sandamukal ang pera. Magmula noong anim na taong gulang ako nagsimula ang mga pagpapantasya ko dahil gusto kong sundan ang idolo ko.

January 9, 2019. Araw ng aking kaarawan. Siyam na taong gulang na ako. At gaya ng mga nakaraang taon wala si papa sa sobrang busy niya, kasama ng regalong gusto kong makuha pero ngayon ay wala pa rin. Nagtatampo na ako kasi halos tatlong taon na 'yun.

Sadyang napakabilis ng panahon at oras. Natapos ang isa na namang taon na ito at 'di ko pa ulit nakakausap si papa. Hindi ako makasingit kasi madalas may kausap siya sa sala at kung minsan naman sa telepono.

Isang araw, nandoon si Mang Berting, 90 taong gulang na magsasaka sa amin. Nagtataka nga ako kasi sa kabila ng katandaan, paika-ikang lakad at hukot na katawan ay nakukuha pa niyang magsaka.

Dun sa may sala ng aming eleganteng mansyon narinig ko silang nag-usap.

"Mayor, hihingi po sana kami ng tulong. Napeste po ang mga pananim namin, nasalanta at inabutan pa ng pagkalakas-lakas na bagyo," pagsusumamo ng matanda.

"Sige po 'wag po kayong mag-alala, makaaasa po kayo. Gagawan po natin 'yan ng paraan," tugon ng papa ko.

Bigla akong napatawa noon. Buti na lang 'di nila narinig kung hindi ay yari ako. E kasi naman, parang gano' n na lang lagi ang sinasabi ni papa. Ganoon din ang sinabi n'ya sa akin noong sinabi ko dati ang gusto ko, kaso nagtampo na 'ko at lahat ay wala pa rin.

Gano'n din ang sabi niya kay Manang Fe noong tumawag ito at idulog yung problema niya dahil nalugi yung babuyan nila buhat ng ASF na sakit sa mga baboy.

Isa pang dagok ang dumating noong October 3, 2019 sapagkat tinamaan ang bayan namin ng malakas na lindol. Nasira ang simbahan pati na rin ang malaking mansyon namin, pero okay lang, isa lang naman 'yun sa sampu naming mansyon dito. Lumipat na kami ng bahay at bago na ang ambience. Dasal ko sana ay magbago rin ang ihip ng hangin at matupad na ni papa ang matagal ko nang pangarap.

January 10, 2020. Kinabukasan ng aking ika-sampung kaarawan. Tanda ko, tampong-tampo ako noon at halos isang linggo rin ako na 'di lumabas ng kwarto kasi sa kabila ng limpak-limpak na pera naming ay 'di nila maibigay ang gusto ko. Mag-aapat na taon na rin halos 'yon.

Lagi akong kinukulit ni mama 'non para lumabas. Isang araw, biglang 'di na nya ako kinulit kaya't nagtaka ako, at dahil doon ay agad akong lumabas.

Kaya pala. Nanunuod ng balita si mama. Isang linggo lang ang lumipas nilukob na ng takot ang mundo dahil sa isang sakit na maaring ma-transmit through physical contact with the carrier. Nakatatatok na talaga.

Lumipas pa ang ilang buwan at dumating ang isa na namang malakas na bagyo. Kasabay ng paglobo ng kaso ng mga positibo sa pandemya ang pagtaas din ng bilang ng biktima ng bagyo. Kasabay ng takot dulot ng pandemya ay ang pagtancis dahil sa pagkabaon ng kanilang mga kaanak sa burak at pagkatangay sa rumaragasang baha.

Nagpatuloy lang ang ganoong tagpo hanggang noong November 2, 2020 tuluyan ko nang binuwag ang pagpapantasya ko sa dami ng nangyayaring napipintong pagkasira.

Kinabukasan, sa edad na dalawampu, 'di ko inasahang mananariwa ang pangarap. Ayon kasi sa kinaaukulan ay 'di na raw ligtas ang atmospera at marumi na ang kalupaa't katubigan. Sa araw na 'yon ay agad nag-impake si mama dahil bukas katulad na kami ng idolo kong si Marvin the Marsian.



පළමු පිටුව

Mga Dibuho



Glow in the Dark

Victor Jhon M. Dionisio (BEEd 1A)

1st Place in Graphics Illustration

Online Literary and the Arts Festival 2020



Anneth Pauline M. Estillomo (BSEd English 1A)

Special Citation in Graphics Illustration

Online Literary and the Arts Festival 2020

Ang Huling Saklolo ni Terra



မင်း ကိုယ်ပိုင်

Mga Larawan



Naghihingalo ang Mundo

Lloyd Dafydd San Pedro (BEEd 1A)
1st Place in Photojournalism
 Online Literary and the Arts Festival 2020



The sun may no longer shine

Arvette Julls T. Frias (BSEd English 2A)
Special Citation in Photojournalism
 Online Literary and the Arts Festival 2020

ဗာဗာဗာ

× Baybayin ×

အ

a

ဧ

e/i

ဝ

o/u

ဘ

ba

က

ka

ဒ

da

ဂ

ga

ဟ

ha

လ

la

မ

ma

န

na

ဏ

nga

ပ

pa

ရ

ra

ဗ

sa

တ

ta

ဝ

wa

ယ

ya

ဗ

ba

ဗံ

be/bi

ဗု

bo/bu

ဗ

b

|

,

||

.

||

×

!

||

○

?



Dibuho ni
Raphael G. Policarpio
Watercolor

Pasasalamat

Isang taos pusong pasasalamat ang iniaalay
sa mga kapatid sa publikasyon
na katuwang sa malayang pamamahayag—
silang mga nanatili pati na ang mga minsang nakasama;
sa aming mga alumni na nagbibigay-payo at palaging nakagabay;
sa aming mga kaibigan, kamag-aral, at guro;
sa mga mambabasa;
sa mga nagtitiwala at naniniwala;
sa aming mga inspirasyon;
sa aming mga pamilya;
higit sa lahat, sa Kanya na may lalang ng lahat ng buhay.



THE SOIL TILLER

Opisyal na Pahayagang Pang Mag-aaral ng
Pambansang Dalubhasaang Pansakahan ng Bulacan
(BULACAN AGRICULTURAL STATE COLLEGE)
Pinaod, San Ildefonso, Bulacan

EDITORIAL BOARD & STAFF

Bianca Gail D.C. Gonzales
Editor-in-Chief

Lanch Lenard C. Delos Santos
**Associate Editor/
Sports Editor**

Raphael G. Policarpio
**Managing Editor for Administration/
Layout Editor**

Melanie N. Hizon
Managing Editor for Finance

Rand Cristian S. Hagad
News Editor

John Marf C. Gumafelix
Ralph Deneil G. Mangalino
Senior Staff

Ashley P. Pangilinan
Feature Editor

Princes Josephine B. Latuja
DevComm Editor

Alexis A. Caadan
Carol P. Baguisa
Elijah M. Mangulabnan
Lloyd Dafydd R. San Pedro
Nathaniel B. Hizon
Junior Staff

Jayson A. Ocampo
Joshua N. Castillio
Literary Editors

Reynaldo A. Gumabon
Head Photojournalist

Aileen S. Masong
Angelo A. Dela Cruz
Dean Daniel A. Mempin
Jocelle Lyn Bernabe
Mark Joshua D.S. Sunga
Probationary Staff

John Patrick M. Aguilar
Graphics Editor

Antonette C. Delos Santos
Babylyn M. Gochangco
Erlic Dawn B. Latuja
Contributors

Viverly E. Mata, Ph.D.
Adviser



THE SOIL TILLER

SPEAK. WRITE. BE TRUE. BE FREE.